



# Kapag Narinig Mo ang Tinig Niya

## Leksyon 33

**1. Ang Espiritu ng Diyos ay tinatawag din na ano?**

*Juan 14:17* \_\_\_\_\_

**2. Kung gayon, ano ang ginagawa ng Espirtu?**

*Juan 16:13* \_\_\_\_\_

**3. Tungkol doon, ano ang may katiyakang ipinangako?**

*Juan 14:26* \_\_\_\_\_

**4. Kanino ibinibigay ng Diyos ang Banal na Espiritu?**

*Gawa 5:32* \_\_\_\_\_

**5. Ano ang inilalagay ng Banal na Espiritu sa ating mga puso?**

*Roma 5:5* \_\_\_\_\_

**6. Ano ang bunga ng Espiritu sa ating mga buhay?**

*Galacia 5:22-23* \_\_\_\_\_

**7. Ano ang dalawang mga bagay na dapat nating gawin upang tanggapin ang kaloob ng Banal na Espiritu ?**

*Gawa 2:38* \_\_\_\_\_

**8. Sino ang maliligtas?**

*Marcos 16:16* \_\_\_\_\_

“Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.”  
*Juan 3: 5*

Bilang panlabas na tanda ng pagbabagong panloob, ang bautismo ay isang pampublikong patotoo na ikaw ngayon ay kabilang na kay Jesus. Ang kahalagahan nito bilang tanda ng pagkapanganak na muli ay buong pinag-aralan sa Roma 6. Doon si Pablo ay nangungusap tungkol sa makapag-babagong kapangyarihan ng biyaya sa buhay ng isang mananampalataya. Ang bautismo din ay nangangahulugan ng pagiging kaanib sa iglesia (Ihambing sa Gawa 2: 41, 47).

**9. Anong salita, na nangangahulugan “ilagay sa libingan”, ang ginamit upang isalarawan ang bautismo?**

*Roma 6:4* \_\_\_\_\_

Ang bautismo ay sumasagisag sa pagkamatay at paglilibing sa ating mga kasalanan. Kapag ang isang namatay na katawan ay inilibing, iyon ay higit pa sa pagwiwisik ng lupa. Sa ganun ding dahilan, ninanais natin na ang ating mga kasalanan ay lubusang malibing.

Ang salitang bautismo mismo ay nangangahulugang ilubog. Iyon at ginamit sa industriya ng tela matagal na panahon pa bago kay Juan Bautista. Kapag ang damit ay “binautismuhan” sa tina, hindi lamang iyon winiwisikan, subalit lubusang inilulubog doon.

**10. Anong salita sa talatang 5 ang nangangahulugang inilibing?**

*Roma 6:5* \_\_\_\_\_

**11. Bakit si Juan nagbabautismo sa Aenon?**

*Juan 3:23* \_\_\_\_\_

Kung si Juan ay nagwiwisik lamang, hindi na niya kakailanganin ng maraming tubig.

**12. Sa pag-ahon ni Jesus sa tubig pagkatapos ng Kaniyang bautismo, ano ang nakita Niya?**

*Marcos 1:10* \_\_\_\_\_

**13. Ano ang dapat gawin sa lahat ng mga bansa bago sila bautismuhan?**

*Mateo 28:19* \_\_\_\_\_

Nais ng Diyos na ang Kanyang bayan ay maging matalino tungkol sa Kanyang katotohanan. Sila ay dapat maturuan “na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo,” sinabi Niya. Mateo 28: 20.

Ang bautismo ay nagpapakita ng pagbabalik-loob. Ang pagbabalik-loob ay nangangailangan ng pakikiisa ng kalooban. Sa ilalim ng pag-hatol ng Banal na Espiritu, ang tao ay pumipili na italaga ang kanyang buhay sa Diyos. Kaniyang itinatakuwil ang kaniyang mga kasalanan at sa kapangyarihan ng Diyos ay ipinanganak na muli sa bagong buhay kay Cristo.

Ang kasaysayan ng isang bating na taga-Etiopia (Gawa 8: 26-39) ay isang nakakapagpalubag-loob na pangyayari ng isang lalaking nagsasaliksik para sa katotohanan. Sa pagbabasa niya sa mga Kasulatan, itinuro siya ng Panginoon kay Filepe upang ipahayag ang mabuting balita ni Jesus. Sa pagkadama niya ng pangangailangan kay Cristo, hiniling ng bating na magpabautismo. Kaya binautismuhan siya ni Felipe sa isang malapit na katawan ng tubig.

Ang Gawa 19: 1-5 ay nagsasabi sa atin tungkol sa ilang mga tao na nabautismuhan ng higit pa sa isa. Nabautismuhan na sila minsan sa pangangaral ni Juan, subalit hindi pa nila natutunan ang lahat ng mga katotohanan. Ngayon, sa pagbabahagi ni Pablo sa kanila ng karagdagang mahahalang mga katotohanan, ang kanilang karanasang Kristiyano ay pinayaman pa ng bagong liwanag, nakaramdam sila ng pangangailangan na muling mabautismuhan.

**14. Ano ang paanyaya ng Diyos sa lahat ng tumanggap sa Kaniyang katotohanan?**

*Gawa 22:16* \_\_\_\_\_

**15. Sa ano nakipag-usap ang Diyos kay Elias?**

*1 Hari 19:12* \_\_\_\_\_

Hindi lahat ng mga tinig ay mapagkakatiwalaan. Mag-ingat sa mga tinig na salungat sa mga Kasulatan. Ang tinig ng Espiritu sa ating mga budhi (konsyensiya) ay hindi kailanman maiiba mula sa mga turo ng Biblia. Nagsasalita siya sa ating sa pamamagitan ng Biblia. Sinabi ni Jesus, “Hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain.” “Sapagka't kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.” Juan 16: 13, 14. Ang Espiritu Santo ay dumarating upang pilit na itatak sa ating mga isip ang salita ng Diyos. Hindi niya kailanman ituturo tayo sa ibang daan.

**16. Ano ang sinasabi ng tinig ng Panginoon sa atin?**

*Isaias 30:21* \_\_\_\_\_

**17. Kapag narinig natin ang Kaniyang tinig, ano ang ating tungkulin?**

*Jeremias 26:13* \_\_\_\_\_

**18. Gaano katagal ang liwanag sasa-atin?**

*Juan 12:35* \_\_\_\_\_

**19. Ano ang darating sa atin kung hindi tayo lalakad habang mayroon pang liwanag?**

*Juan 12:35* \_\_\_\_\_

**20. Kaya kapag narinig natin ang tinig Niya, ano ang hindi dapat nating gawin?**

*Hebreo 3:7-8* \_\_\_\_\_

**21. Ano kadalasan ang ginagawa ng ilan sa Banal na Espiritu?**

*Gawa 7:51* \_\_\_\_\_

**22. Tulad ng ginawa ng kanilang mga magulang, ano ang ginawa nila?**

*Gawa 7:53* \_\_\_\_\_

**23. Ano kaagad ang nangyayari sa budhi (konsyensiya) ng isang tao na patuloy na lumalaban sa tinig ng Espiritu ng Diyos?**

*1 Timoteo 4:2* \_\_\_\_\_

**24. Anong babala ang ibinigay ni Pablo?**

*Efeso 4:30* \_\_\_\_\_

**25. Ang Espiritu ba ng Diyos ay hindi tumitigil sa paggawa sa mga tao?**

*Genesis 6:3* \_\_\_\_\_

**26. Sino ang papasok sa kaharian ng langit?**

*Mateo 7:21* \_\_\_\_\_

“Kung kayo'y magkusa at mangagmasunurin, kayo'y magsisikain ng buti ng lupain.” Isaias 1: 19

**27. Si Jesus ang may-akda ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng mga gumagawa ng ano?**

*Hebreo 5:9* \_\_\_\_\_

**28. Paano kung alam na natin ang mga bagay na ito?**

*Juan 13:17* \_\_\_\_\_

**29. Paano kung alam na ng isang tao kung ano ang tama, subalit hindi ito ginagawa?**

*Santiago 4:17* \_\_\_\_\_

**30. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa kanila na nakarinig na ng katotohanan?**

*Santiago 15:22* \_\_\_\_\_

**31. Ano ang sinabi Niya tungkol sa isang binigyan ng marami?**

*Lucas 12:48* \_\_\_\_\_

**32. Kaya mas mabuti ba na umiwas na lang sa pakikinig sa katotohanan?**

*Kawikaan 28:9* \_\_\_\_\_

**33. Ano ang sinabi ni Jesus na gawin kapag nagsasalita ang Espiritu?**

*Apocalipsis 3:22* \_\_\_\_\_

**34. Gagawin ba ng anumang mga paghihirap o iba pang mga pangyayari na tayo ay magsisi sa ating pagpapasiya na sumunod sa Panginoon?**

*Awit 37:25* \_\_\_\_\_

“Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang pagpapakita.” 2 Timoteo 4:7, 8

### **Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....**

**O** Nauunawaan kong ang patuloy na paggawa ng Banal na Espiritu sa aking buhay ay nakasalalay sa aking pagsunod sa Kaniyang mga salita.

**O** Nauunawaan kong ang mga espiritual na kaloob ay binahagi ayon sa kalooban ng Diyos, hindi ng sa atin.

**Karagdagang mga puna:** \_\_\_\_\_

**Pangalan:** \_\_\_\_\_

***Pagpalain ka nawa ng Diyos sa iyong paglakad sa liwanag.***